THE TAMARAO JOURNAL

WHAT'S INSIDE?

3 PAGTUPAD SA IPINANGAKONG — PAGPAPA-ALIWAN NG BUHAY NG TAUMBAYAN NG CALAPAN (SOCIALIZED MEDICAL HEALTH CARE PROGRAM)

VOLUME 3 No. 13 Feb. 05, 2024 - Feb. 11, 2024

# MANDATORY TRAININIG FOR NEWLY APPOINTED SK OFFICIALS & LOCAL YOUTH DEVELOPMENT COUNCIL MEMBERS OF CALAPAN CITY



SA KALAGITNAAN ng Mandatory Training for Newly Appointed SK Officials & Local Youth Development Council Members na isinagawa sa Local Government Center Conference Hall, City Hall Complex, Guinobatan Calapan City, Pebrero 3, 2024 ay binisita ni Mayor Malou Flores-Morillo ang mga kabataang opisyales na kalahok dito.

Kanyang binigyang inspirasyon ang mga SK Officials na karamihan ay mga Kalihim at Ingat-Yaman. Ayon sa Punong-lungsod ang pagiging isang lingkod-bayan ay mabigat na responsibilidad subalit ito'y isang malaking karangalan dahil hindi lahat ay nabibigyang ng pagkakataon na humawak ng posisyon at mamuno.

Dito ay inilahad din niya ang mga naging karanasan sa buhay na aniya'y kanyang nagagamit sa pagsasakatuparan ng kanyang katungkulan bilang pinakamataas na opisyal sa lungsod ng Calapan.

Kabilang sa mga paksang tinalakay sa nasabing pagsasanay ay ang SK History and Salient Features; Meetings and Resolutions; Planning and Budgeting; Code of Conduct and Ethical Standards.

Ilan sa mga naging resource speakers sa Mandatory Training for Newly Appointed SK Officials & Local Youth Development Council Members ay sina EnP. Ivan Stephen F. fadri, City Local Government Operations Officer, Mr. Marvin Panahon, City Youth and Sports Development Officer, Ms. Xyrish Joann P. Lopez – Accredited Training Manager-NYC; Mr. Luis Alfredo Vite (Budget Module), EnP. Dulce Amor E. Lao (Planning Module); at Mr. Von Hansel C. Geneta (Code of Conduct and Ethical Standards Module).

Ang nasabing programa ay matagumpay na naisakatuparan sa pagtutuwang ng DILG Calapan, City Youth and Sports Development Department at ng SK Federation of Calapan City sa pamumuno ni SK Federation President Hon. Deo Lopez (Junard Acapulco/CIO).





THE TAMARAO JOURNAL

TAMARAO JOURNAL NEWS PUBLISHING HOUSE
PUBLISHER

RUEL T. LANDICHO
PUBLISHER/ OWNER

RAIA JENNIFER E. DELA PENA
EDITOR IN CHIEF

MARIA GLENDA LANDICHO
OPERATIONS AND CIRCULATION MANAGER

JACQUILOU LIRIO
ANTON VIKTOR LANDICHO
STAFF WRITERS

MARCUS A. NEGADO
LAY-OUT ARTIST / GRAPHIC DESIGN

REYMUND AL USSAM
LEGAL CONSULTANT

THE TAMARAO JOURNAL IS A WEEKLY NEWSPAPER CIRCULATING IN THE PROVINCE OF ORIENTAL MINDORO, ISSUED EVERY MONDAY. OFFICE: IBABA WEST, CALAPAN CITY, OR. MIN. CONTACT: 09175668361
EMAIL ADD: tamaraojournal@gmail.com

WEBSITE: WWW.TAMARAOJOURNAL.COM



TINGNAN: Dumating sa lalawigan sina Department of Agriculture (DA) Secretary Francisco Tiu Laurel Jr. at National Irrigation Administration (NIA) Administrator Engr. Eduardo Eddie G. Guillen upang opisyal na i-turnover ang sampung (10) irrigation system projects sa mga farmer irrigators association mula sa iba't-ibang mga bayan.

Malaking katulungan naman ito sa sektor ng mga magsasaka.

Samantala, nakatakda ring isagawa ang blessing ng bagong gusali ng tanggapan ng NIA MOMARO-IMO sa brgy. Bayanan II, Calapan City. Photos Credit: JJS3_ PIA-OrMin (PIO Oriental Mindoro)





TINGNAN: Kasama sina Department of Agriculture Secretary Francisco Tiu Laurel, NIA Administrator Engr. Eduardo Eddie G.Guillen kasama ang iba pang mga matataas na opisyal ng kanilang ahensya, CWS Partylist Representative Edwin Gardiola, Oriental Mindoro 2nd District Representative Alfonso V. Umali, Jr., Calapan City Mayor Malou Morillo, Victoria Mayor Lito Malabanan at iba pang konsernadong indibidwal, sinaksihan ni Gov. Bonz Dolor sa pamamagitan ni Provincial Administrator DocPAMD Hubbert Christopher Dolor ang pagpapasinaya ng bagong gusali ng tanggapan ng National Irrigation Administration (NIA) Mindoro Oriental-Marinduque-Romblon Irrigation Mamagement Office (MOMARO-IMO) na nakabase sa barangay Bayanan II, Calapan City noong Pebrero 1.

Ang 736sqm 2-storey building na ito ay nagkakahalaga ng Php22M.

Kaugnay nito, bilang isa sa pangunahing panauhin sa naturang inagurasyon at blessing ng naturang gusali ipinadama ni PAMD Dolor sa mga matataas na opisyal ng NIA ang mataas na pagkilala ng kasalukuyang administrasyon ng PGOM na pinamumunuan ni Gov. Bonz lalo na

sa maraming mga inisyatiba at proyekto nila para sa mga magsasaka. Kaakibat din nito ang malugod na pagtanggap sa Oriental Mindoro ng mga naturang matataas na opisyal.


*"Sa ngalan ni Gov. Bonz Dolor, malugod po namin kayong tinatanggap sa Silangang Mindoro...*
Sa kanyang mensahe binigyang diin din niya na ang tubig aniya, ay buhay at ang lahat ng proyektong naisasakatuparan ay buhay para sa ating lahat lalo na sa ating mga magsasaka.

Kasunod naman nito, pagkilala rin sa lahat ng mga nagkakaisang kawani ng NIA ang kanyang ipinahayag. Tagubilin din niya na alagaan ang kanilang natanggap na magandang gusali.

Binigyang diin pa ni PAMD Dolor sa kanyang mensahe ang pagpapaabot ng taos-pusong pasasalamat ni Gov. Bonz kay DA Sec. Laurel na pangunahing panauhin din ng NIA at sa pamunuan din ng naturang ahensya lalo na sa maraming mga assistance tulad ng mga makinaryang kaloob sa sektor ng magsasaka na patuloy na ipinagkakaloob para sa kapakanan ng lahat ng Oriental Mindoreño.

Kapwa mensahe ng pasasalamat naman at pagkilala rin sa magagandang proyektong isinusulong ng NIA para sa patubig na nagbibigay daan sa mas magandang ani ng mga magsasaka ang paabot ng mga dumalong LGU officials.

Ngiti ng pasasalamat at masigabong palakpakan naman sa pamunuan ng NIA ang naging tugon ng grupo ng mga dumalong farmers irrigator associations. (PIO Oriental Mindoro)




For you commercial print needs!
Books, yearbooks, marketing collaterals
www.sinagprintingpress.com
sinagprinting@gmail.com / 09175668361



# PAGTUPAD SA IPINANGAKONG — PAGPAPA-ALIWAN NG BUHAY NG TAUMBAYAN NG CALAPAN (SOCIALIZED MEDICAL HEALTH CARE PROGRAM)

MAHIGIT kumulang 500 mamamayan ng Calapan ang napagkalooban ng kani-kanilang Health Card. Sa pamamahala ni Madam Julie Paduada – Health Card Program Manager, personal na ipinamahagi ni Calapan City Mayor Malou Flores-Morillo sa mga barangay ng Sta. Isabela, Ibaba East, Ibaba West, Masipit, Tawiran at gayundin sa tanggapan ng PDEA ang kanilang Health Card kasama rin sina konsehala Atty. Jel Magsuci at Chief of Staff Mr. Joseph Umali.

Ipinabatid naman ni Mayor Malou sa mga naroroon na tunay namang adhikain niya na mas mapalawig at mas itaas pa ang antas ng serbisyo ng primary health care at medical assistance sa buong kalungsuran, para sa mas malusog at ligtas na Calapan.

*"Gastushin sa usaping pangkalusugan — may katuwang po kayo dyan!" — Mayor Morillo* (Kate Rondilla Redublo/CIO).










# 33RD PNP FOUNDATION DAY CELEBRATION



*"MAKAAASA po kayo, na kami sa Pamahalaang Lungsod ay mananatiling kaagapay ninyo sa pagnanais at pagpapanatiling ligtas ng ating mga mamamayang nasasakupan. Saludo po ako sa inyong dedikasyon at pagbibigay ng serbisyong may pusong totoo!"* — ito ang naging laman ng mensahe ni Calapan City Mayor Malou Flores-Morillo bilang panauhing pandangal sa ginanap na 33rd PNP Foundation Day Celebration sa PRO MIMAROPA, Parade Ground Camp BGen C. Navarro, Brgy. Suqui Calapan City Oriental Mindoro, Lunes ika 5 ng Pebrero.

Sa temang *"Serbisyong Nagkakaisa ast may Malasakit sa Kapwa, Tungo sa Maunlad at Ligtas na Bansa"*, mainit na nakiisa ang Ina ng lungsod sa naturang aktibidad na pinangunahan naman ni Police Brigadier General Roger L. Quesada, Regional Director of PRO MIMAROPA katuwang ang Command Group, ilang Regional Staff, gayundin ang Chief Regional Support Units.

Mainit at lubos na suporta sa hanay ng kapulisan naman ang siyang ipinangako ni Mayor Malou sa mga naroroon. Aniya pa, isang maunlad at ligtas na lipunan para sa taumbayan ang layon ng kanyang administrasyon.

Naging bahagi rin ng nasabing selebrasyon ang pagbibigay pagkilala sa mga natatanging kapulisan na nagpamalas ng galing at dedikasyon sa kanilang sinumpaang tungkulin.

Bilang pagtatapos ng aktibidad, nagsagawa ang PRO MIMAROPA ng Wreath-laying Ceremony sa Bantayog ng mga Bayani na matatagpuan sa Parade Ground Camp BGen C Navarro.

Nakiisa rin sa 33rd PNP Foundation Day Celebration si Konsehala Atty. Jel Magsuci, Regional Directors of Different Agencies, Members of the RAGPTD, Officer's Ladies Club headed by Mrs. Liezel Quesada, Adviser PNP OLC, MIMAROPA at madami pang iba (Kate Rondilla Redublo/CIO).

THE TAMARAO JOURNAL

VOLUME 3 No. 13 Feb. 12, 2024 - Feb. 18, 2024

MSP GAS
RETAILING STATION
Gasolina at Krudo,
Sigurado at Garantisado
BARANGAY GULOD,
CALAPAN CITY, OR. MINDORO
CONTACT: 09295453013

# NGITI NG PASASALAMAT, SA MUHKA NG MGA NABIYAYAAN AY BAKAS (ASSISTIVE DEVICES DISTRIBUTION)

PATULOY ang pagtitiyak ni Calapan City Mayor Malou Flores-Morillo na ang lahat ng mga PWDs sa ating lungsod ay walang dapat ipag-alala, dahil walang humpay na aalalay ang kasalukuyang administrasyon sa kanila.

Martes, ika-6 ng Pebrero, mismong ang Ina ng lungsod, kasama sina konsehala Atty. Jel Magsuci at Chief of Staff, Mr. Joseph Umali ang siyang naghatid kay Mr. Hernando Banta, 67 years old, Physically Disabled at residente ng Canubing II ng kanyang bagum-bagong quadcane. Gayundin kay Mr. Wilson Cuyugan, 67 years old, stroke patient at residente mula naman sa Barangay Bucayao ng kanyang bagong pag mamay-aring wheelchair.

Ang mga brand new assistive devices na ngayon ay magiging katuwang sa kaalwanan ng pamumuhay ng ating kababayang PWDs ay resulta ng walang tigil na pakikipagdayalogo ni Mayor Malou sa iba't ibang ahensya at opisina sa labas ng lalawigan. Katuwang naman ng Alkalde ang PDAO at Serbisyong TAMA Center sa pag-identify kung sino ang mabibiyayaan ng mga ito.

Pagsisiguradong may matiwasay na buhay ang mga mamamayang mayroong kapansanan, upang sa kanilang komunidad na kinabibilangan — di nila maramdaman na sila ay naiiwan (Kate Rondilla Redublo/CIO).







